

1

“Mag-iingat ka, hija,” habilin kay Kim ng nakilala niyang ale sa ferry boat. Kitang-kita niya ang takot nito para sa kanya.

“Opo, mother,” tanging sagot niya na lang. Yumuko pa siya rito bilang paggalang. Kapag nagprotesta pa siya ay baka humaba pa ang diskusyon nila.

Naa-appreciate niya naman kahit papaano ang concern nito para sa kanya. Kahit yata sinong tao sa Pilipinas ang sabihan mo na pupunta ka ng Siquijor ay tiyak na mangangamba para sa kaligtasan mo. Siya lang yata ang hindi natatakot sa kaakibat na adjective ng lugar na iyon. Ang lugar daw ng mga *mangkukulam*, black magic, aswang at kung anik-anik pa.

Pinara nito ang libreng tricycle at matapos siyang tingnan nang puno ng pag-aalala ay sumakay na. “Ingat po kayo, mother!” aniya sabay kaway.

“Ikaw ang mas dapat na mag-ingat, anak. Huwag masyadong maingay at magtaray sa mga taong hindi mo kilala.”

“Opo, hindi ko ho makakalimutan.” Sumaludo pa siya at pagkuwan ay umandar na ang sasakyan. Pagkawala ng tricycle sa paningin niya ay naitirik niya ang kanyang mga mata. Hindi niya naman masisisi ang matanda sa reaksyon nito at sa pag-aalala na baka mapahamak siya. Aminado siyang maingay siya at tila nagmamadali kung kumilos. ‘Babaeng bakla’ nga ang tawag minsan sa kanya kahit pa hindi naman siya marunong ng gay lingo.

Inikot ni Kim ang paningin para hanapin ang isang pamilyar na mukha. Alam niyang nandito lang sa tabi-tabi ang sundo niya. Kilala siya nito bilang mainipin; ayaw na ayaw niya ng pinaghihintay. Lumiwanag ang mukha niya nang makita ang hinahanap: si Liza, ang kaibigang sadya niya sa lugar na iyon. Nagtama ang mga mata nila.

“Bakla!” sabay na tili nilang dalawa.

Nagtinginan ang ibang mga tao sa paligid dahil sa ginawa nila. Pero keber niya ba? Limang buwan niyang hindi nakita ang kaibigan mula nang bumalik ang pamilya nito sa bayan ng Siquijor. Masisisi ba siya ng mga tao kung para siyang kinakatay na baboy kung makatili? Hindi, di ba?

Parang kiti-kiting tumakbo sila papalapit sa isa’t isa at mahigpit na nagyakapan. Para silang mga engot

na hindi mawala ang ngiti sa labi.

“Hoy, bakla, kumusta ka na?” halos pasigaw na tanong niya rito nang maghiwalay sila. Tinampal niya pa ang braso nito. Hindi pa rin nawawala ang energy niya sa katawan simula pa sa Cebu.

Gumanti rin ito ng tampal. “Eto, kahit umiitim ay maganda pa rin ang lolah mo.”

“Hindi na ba umepekto ang glutathione?” buska ni Kim.

“Gaga! Itinigil ko na, ’no. Wala akong choice, ang hirap makahanap niyon dito!”

Si Liza ang pinakamalapit niyang kaibigan sa dati niyang pinagtatrabahuan. Limang buwan na ang nakakaraan nang magtanggap ang kompanya nila ng mga empleyado. Nakiuso ang mga opisina nila dahil sa global crisis. Isa si Liza sa mga nadale niyon.

Eksakto namang kamamatay lang ng lolo nito na nakatira sa Siquijor. Sa tatay ni Liza ipinamana ang lahat ng ari-arian kaya nagpasya ang pamilya nito na bumalik na lang sa nakagisnang probinsya. Hindi niya alam kung bakit sumama pa ang kaibigan sa mga magulang nito gayung kung tutuusin ay maaari naman itong mamalagi na lang sa Maynila. Doon na ito lumaki at isang malaking adjustment ang

ginagawa nito ngayon.

“Kumusta’ng biyahe?” pag-iiba nito sa usapan.

“Okay naman. Naka-airplane ako, eh. Ang sarap sumakay lalo na kung libre,” birong-totoo niya. Si Liza ang sumagot ng lahat ng gastos niya mula Manila to Cebu. Wala siyang kadatung-datung dahil siya ang sumunod sa yapak ng kaibigan niya; natanggal din siya sa pinagtatrabahuan. Ang masaklap pa, wala siyang separation pay na natanggap dahil sakto lang iyong pambayad sa malaking loan niya. Nag-negative pa nga siya kung tutuusin. Mabuti na lang at hindi na siya hinabol pa ng kompanya.

“Sira!” natatawang sabi nito.

“Totoo naman, eh. Ikaw lang yata ang unemployed na nakaya pang sagutin ang travel expenses ko. Aba! Hindi kaya biro ’yun.”

“Kaysa naman hayaan kitang mapatay ng mga humahabol sa ’yo? Gumastos na ’ko kahit masakit sa bulsa, mabuhay ka lang, gaga.”

Napahalakhak siya sa biro nito.

Iyon ang dahilan kung kaya sa kabila ng protesta ng lahat ng kaibigan niya ay pinili niya pa ring magbakasyon at magtago sa isang isla ng Pilipinas

na kinatatakutan ng halos lahat ng Pilipino—ang Siquijor. Kumpiyansa siyang hindi siya masusundan doon ng mga humahabol sa kanya at ng mga pinagkakautangan.

Ang saklap ng kagandahan niya. Bukod sa loan sa kompanya, ilang tao na rin ang inutangan niya. Nang malaman ng mga ito na nawalan siya ng trabaho ay parang mga aligagang panay ang balik sa bahay niya para lang maningil. Nalaman kasi ng mga itong marami pa siyang inutangan. Tila nag-uunahan kung sino ang dapat niyang unahing bayaran. Ano naman ang ipambabayad niya sa mga ito? Puri niya? *Excuse me, 'noh!*

Nakadepende lang si Kim sa trabaho niya, roon siya kumukuha ng mga ipinambabayad niya sa mga hinihiram niya. At ngayong wala na siyang hanapbuhay, wala na siyang pagkukunan pa. Araw-araw ay kung sinu-sino ang pumupunta sa bahay niya para lang maningil. Kung anu-ano pang mga side comments ang binabato sa kanya na masakit sa tainga. Pati mga kapit-bahay niya ay nakakarinig. Tuloy ay nabansangan na siyang '*Kim Utangera*' sa baranggay nila.

Mabuti sana kung deserving siya sa mga binabatong insulto. Kaso hindi. Hindi niya naman

ginasta ang sangkaterbang perang hiniram niya para lang sa isang total make over, diamond peel o liposuction. Ginamit niya iyon para sa namayapang ina, isang taon na ang nakakaraan. Nagkaroon ito ng sakit sa baga—lung cancer. Ang gusto nito ay huwag nang magpagamot at hintayin na lang ang kamatayan nito. Pero sino ba namang anak ang makakayang nakikitang nahihirapan ang ina niya? At sinong anak ang hindi nagnanais na habaan pa ang buhay ng magulang nito? Wala. Kaya kahit can't afford ay nagpumilit siyang pagamutin ito. Kesehodang mabaon siya sa utang. Nag-loan siya ng malaking halaga sa cooperative ng kompanya at sa ilang kakilala nila para sa pampaospital at mga kailangang gamot ng ina. Kahit papaano ay nagbunga ang katigasan ng ulo niya, humaba ang buhay ng ina niya bago ito kinuha ni *Bro* nang tuluyan. Ang sobra sa perang inutang niya ay ginastos niya sa pagpapalibing nito. Ang balak niya pa naman sana ay magtayo ng kaunting negosyo sa harap ng bahay para kahit paano ay may extra income sila. Pero hindi na natuloy dahil sa pagkawala ng nanay niya.

Kaya ngayon, heto, pagkalipas ng isang taon mula nang mamatay ang ina niya ay hinuhulog-hulugan pa rin ang mga utang niya. Dalawa sa mga hiniraman niya ay nabayaran niya na ng buong-buo.

May tatlo pang humahabol sa kanya ngayon.

Tingnan natin kung susundan n'yo pa ko hanggang dito. Takot n'yo lang sa mga mangkukulam!

Malakas din ang loob ni Kim na hindi siya idedemanda ng mga iyon dahil nagbilin siya sa tsismosa nilang kapitbahay. Simpleng bilin lamang, pero punung-puno ng laman: *“Kapag may naghanap sa ’kin, pakisabing pumunta lang ng Siquijor at nagpapakadalubhasa! Babalik din ako agad ’ka mo.”*

Hindi pa rin nawawala sa balintataw niya ang mukha ng kapit-bahay nang sabihin niya iyon. Bigla itong natahimik at tila gusto nang tapusin ang usapan nila.

Napailing si Kim. Babayaran din naman niya ang mga utang niya. Hindi niya iyon tatakbuhan. Ang nais niya lang ay pansamantalang katahimikan. Masyado nang maraming nangyaring malas sa buhay niya at gusto niyang kahit saglit ay maging malaya man lang ang isip niya. Iyong walang pinoproblemang utang, kung ano ang kakainin sa susunod na araw at kung saan makakahanap ulit ng trabaho.

“Wow, bakla, ang yaman n'yo pala rito!” bulalas ni Kim nang makarating sila sa bahay ng kaibigan.

Two-storey house iyon. Luma na ang istilo, pero halatang bagong pintura. Pinaganda siguro ng pamilya ni Liza para sa pagdating nila. Parang itinayo iyon hundreds of years ago, noong panahon ng mga Kastila. Kulang na lang ay magbaro't saya siya para kompleto ang get-up ng bahay. Puno rin ng gamit ang loob ng bahay. Napansin niya ang ibang mga gamit nina Liza na dati niya nang nakita sa dating bahay ng mga ito sa Manila. Kaiba iyon sa ibang kasangkapan dahil makabago hindi gaya ng mga antique na mesa, upuan at kung anu-ano pa.

“Yung lolo ko lang. Pinamana lang ’to kay Tatay,” pahayag ng kaibigan.

Lumingon siya rito pagkatapos mailapag sa sahig ang maletang dala. “*Richie Rich* pala ang ancestors n’yo, bakit nagtiyaga pa kayo sa Maynila?”

“Pang-teleserye ang buhay ni Tatay. Nang pakasalan niya si Nanay, tumutol daw ang lolo ko. Tinakwil si Ama kaya nakipagsapalaran sa Maynila kasama si Madir. Doon na kami nabuo ni Lito,” tukoy nito sa nag-iisang kapatid. “Wala na daw silang communication ni Lolo kaya huli na nang masabihan si Padir na namatay na pala ito. Since unico hijo si Daddy, sa kanya napunta itong bahay at ’yung maliit na negosyo sa palengke.”

Napatango siya. Pang-teleserye nga.

“Kim!”

Sabay silang napalingon ni Liza sa nagmamamay-ari ng boses na iyon—si Lito. Kapapasok lang nito sa bahay at nakangiting kumaway sa kanya.

“Uy, Lito! Hindi ka pa rin nagbabago ah, ang liit mo pa rin!” nakangiting salubong niya. Matanda siya rito ng dalawang taon at magkasing-tangkad din. Maliit itong tingnan para sa normal na tangkad ng isang lalaki.

“Kahit ikaw, pintasera ka pa rin!”

Inungusan niya lang ito. “Sina Tito nga pala, ’asan?”

“Nasa palengke, binabantayan ang puwesto namin d’un.” Si Lito.

Nanunudyo ang tinging binigay niya sa dalawa. “Wow, businessman na businessman! Ang yaman-yaman n’yo na talaga, sister.”

“Gaga! Magtigil ka nga sa kaka-yaman mo.”

“Eh, ano’ng business n’yo?”

“Distributor ng mga anting-anting, pangontra sa kulam at kung anu-ano pa. Minana din namin kay

Lolo.”

“Talaga? Bakit iyon ang business niya, siya ba gumagawa? Mangkukulam ang lolo n’yo?” may halong-birong tanong ni Kim.

Natahimik ang dalawa at nagtinginan.

Oh! Wrong choice of words. “Bakit? Totoo?” nag-aalangang tanong niya.

Kumibit ang mga balikat ng babae. Pagkuwan ay nauna nang umakyat ng hagdanan. Sumunod silang dalawa ni Lito rito. “Ewan. Sabi ng iba. Nagtataka din kami ni Lito. Kasi nga, si Lolo ang may pinakamalaking tindahan ng mga abubot dito. Nagtataka kami kung saan niya iyon kinukuha.”

Napatango siya. Pagkuwan ay naalala ang isa sa mga ikinuwento sa kanya nung ale sa ferry boat. “Di ba nga, ang sabi, bago mamatay ang isang mangkukulam kailangang maipasa nito ang kapangyarihan sa iba? Kanino naipasa? Kay Tito Oscar?”

Pinandilatan siya ni Lito. “Papano maipapasa eh, wala na si Lolo nang dumating kami dito?”

“Oo nga, ’no? Eh, kanino? Sa alalay nito o right hand kaya?”

“Ang sabi ni Tatay, wala namang malapit na

kaibigan si Lolo maliban kay Mang Jose. At isa pa, siyempre tatay siya ni Tatay kaya kilala niya ito. Siniguro niyang hindi ito mambabarang.”

“O, ’yun naman pala. Bakit skeptical pa rin kayo diyan sa pagkatao ng lolo n’yo?”

Nagkibit ng balikat si Liza. “Eh, siyempre stranger si Lolo sa amin, idagdag pang nasa Siquijor tayo. Mapapaisip ka talaga.”

“Sus! Nagpapaniwala kayo sa mga ganyan. Inggit lang sila sa lolo n’yo. ’Yun lang ’yun.”

2

“Malala na ito,” napapalatak na sabi ng albularyong dinala ni Inday sa bahay nina Galvin habang nakatutok ito sa mga rashes ng kapatid niyang si Diane. Pagkuwan ay tumingin ito sa maliit na palanggana na naglalaman ng halos kalahating tubig. Nasa loob niyon ang tuyong mga patak ng kandila na nagkorteng tao. Hawak-hawak pa rin nito ang nakasinding kandila na ginamit nito kanina habang nagpapatulo sa tubig na laman ng maliit na palanggana.

Bigla namang nabahala ang mukha ng kapatid niya sa sinabi ng albularyo. Ang katulong niyang si Inday na nasa tabi niya lang ay nag-sign of the cross. Napailing lang siya. Kahit siya ay kayang gumawa ng korteng tao sa pamamagitan ng patak ng kandila.

“B-bakit po?” natatakot na tanong ni Diane sa matanda.

Panay pa rin ang iling ng matanda. *Hindi kaya ito nahihilo sa kanina pa pag-iling?* Kung siya lang ang tatanungin ay dinala niya na ang kapatid sa isa pang dermatologist na kilala nila. Pero ayaw pumayag ng dalaga. Buo na sa isip nito na kinulam nga ito dahil

sa dami ng rashes na naglabasan sa buong katawan nito. Halos tatlong linggo na itong ganoon at hindi na lumalabas ng bahay.

Kasalanan ng katulong nila na sinulsulan pa ang kapatid sa paniniwala nito. Nagboluntaryo pa itong dalhin ang sikat daw na albularyo sa probinsya nito para gamutin ang kapatid niya.

“Isang manliligaw mo ang may gawa niyan sa ’yo. Ano ba kasi’ng ginawa mo sa kanya at gan’un na lang ang galit?”

“Papano n’yo po nalaman?” Si Diane.

Natural, in-orient na kaagad ni Inday bago pa man dinala dito, ngali-ngaling sagot ni Galvin sa kapatid. Ngunit nagtimpi lang siya, may respeto pa rin siya sa matanda. Each to his own belief. Ginagalang niya sina Inday at ang matandang lalaki sa paniniwala nito.

“Nabasa ko ang galit ng lalaki sa ginawa mo. Ang bigat siguro ng mga insultong binitawan mo sa kanya para kulamin ka.”

“Eh, Manong, kaya n’yo po bang lunasan ang *rahis* ni *Ati*?” untag ni Inday. Umeepal.

Umiling ang matanda. “Hindi ko nasisiguro. Ang lakas ng kapangyarihang ginagamit ng lalaking ito.

Mukhang galing ito sa angkan ng mga mambabarang. May ibibigay ako sa inyong tubig na may dasal. Kapag sa loob ng dalawang araw ay hindi pa rin humuhupa ang mga 'yan, kailangan mo nang puntahan ang lalaki.”

Nanlaki ang mga mata ni Diane. “Puntahan? Eh, ang layo n’un, Manong!”

“Saan ba naroroon ang lalaking ito?” Itinuro nito ang korteng tao sa loob ng palanggana.

“Nang huli kaming magkita, sinabi niyang babalik na daw sila sa Siquijor.”

Nakikinig lang siya sa usapan ng tatlo. Hindi niya sana gustong saksihan ang ginagawa ng matanda, pero dahil kapatid niya ang nagpapatingin dito, nanood na siya.

Napailing uli ang matanda. “Kaya naman pala sobrang lakas ng kapangyarihan, taga-Siquijor pa ang sinaktan mo, Ineng. Bueno, magbibigay pa rin ako ng tubig na panlunas. Kung wala talaga, kailangan n’yo nang pumunta ng Siquijor.”

Tumango lang ang kapatid ni Galvin. Naiiyak na ito at mukhang anumang oras ay papalahaw na. Nagligpit na ng gamit ang matanda.

“Maraming salamang talaga, Manong. Ihahatid ko na kayo sa labas.” Si Inday.

Ngunit hindi man lang tuminag ang matanda mula sa pagkakaupo sa gilid ng kama. Tumingin ito kay Inday at sa kapatid niya. Tila may nais sabihin at hinihintay. Si Inday ang unang nakaintindi ng gustong sabihin ng matanda. Lumapit ito sa kanya.

“*Koya*, ’yung bayad daw,” bulong ng kasambahay sa kanya.

“Magkano ba?” Dinukot niya ang wallet sa back pocket ng pantalon niya.

“Limang daan.”

Natigil siya sa pagdukot at pinandilatan ang katulong. “Limang daan? Wala pa itong limang minuto sa loob ng bahay, limang daan na kaagad?” nanggigigil na sabi ni Galvin. Bilib din naman siya. Mag-albularyo na lang din kaya siya para mas madali ang pagpapayaman niya?

Napakamot si Inday. “Eh, *Koya*, iyon talaga ang presyo. Siyempre, bumiyahe pa si Manong papunta dito sa Maynila.”

Wala na siyang nagawa kundi ibigay ang five hundred peso bill kay Inday. Nang iabot iyon sa

matanda ay tumayo na ito kaagad.

“Pakibigay na lang po kay Inday’yung dinasalang tubig,” habilin niya sa matanda bago ito lumabas ng kuwarto. Kahit tubig ay papatusin niyang kunin para kahit papano ay may makita man lang siya sa winaldas niyang limang daan.

“Oh, my God. Oh, my God. Oh. My. God. I so hate that man!” maarteng sigaw ni Diane pagkalapat na pagkalapat ng pinto.

Siya naman ang napailing. Nahawa na yata siya sa matanda. Nakakahawa rin pala iyon. “Kung’yung five hundred na binayad ko ay binayad natin sa consultation sa isa pang dermatologist, sana ay sulit pa.”

“Kuya, sinabi ni Inday that Manong is the best. I’m hopeful na siya ang sagot sa mga rashes ko.” Nandidiring tiningnan nito ang mga braso at pulso. Hinaplos nito ang leeg. “Makikita ng lalaking iyon. How dare him!”

Ito lang yata ang sosyal na nakilala niyang naniniwala sa mga kulam. Pero kunsabagay, pagtatakan niya pa ba iyon? Feng Shui fanatic ang sister niya kahit hindi sila Chinese. Namana nito ang ugaling iyon sa papa nila. Mahilig magpapaniwala

sa kung anu-ano ang ama. Lahat ng suwerte ay ginagawa lumago lang ang negosyo nila. Hindi niya alam kung effective iyon o hindi, dahil mula sa isang hardware store, ngayon ay may apat na iyong branches na nagkalat sa buong Kamaynilaan.

Kaya hindi na kataka-taka kung maniwala si Diane sa hinala ni Inday na kulam ang dahilan ng mga rashes nito. Malapit ang kapatid niya sa ama nila, ito ang daddy's girl. At dahil tatlong linggo nang hindi gumagaling iyon, kahit ano ay paniniwalaan ng kapatid magamot lang ang sakit sa balat. Kumonsulta na sila sa dermatologist, lahat ng mga binigay na gamot ng mga ito ay nasubukan na ng dalaga ngunit hindi pa rin iyon gumagaling. Nawawala lang ito ng isa o dalawang araw, pero bumabalik din agad. Kaya nabahala na ang kapatid. Nang minsang umepal si Inday at mabanggit ang tungkol sa albularyo ay roon naalala ni Diane ang huli nitong manliligaw. Ininsulto raw kasi nito at sinigaw-sigawan ang huli noong minsang dumalaw sa bahay. Dahil pinipilit nito ang kapatid na sagutin ito bago man lang ito pumuntang Siquijor. Napikon ang kapatid niya at sangkaterbang insulto at panlalait ang binitawan. Umuwing teary-eyed ang lalaki. Ang lahat ng iyon ay nalaman niya dahil sa kasambahay.

Tumutol si Galvin sa binabalak ng kapatid na

magpatingin sa albularyo. Ngunit mapilit ito. At dahil kailanman ay hindi niya mahihindian ang kapatid, sumuko na rin siya kinatagalan.

“Huwag kang umasa. Tubig lang ’yung ibibigay niya sa ’yo di gaya ng mga ointments na binibigay ng derma. Marami naman tayong tubig dito sa bahay, ah.”

“Pero iba ’yung tubig ni Manong, may kasama raw orasyon ’yun.”

“Naniwala ka naman?”

Bago pa ito makasagot ay narinig na nila ang pagkatok ni Inday pagkatapos ay sinungaw nito ang ulo sa bahagyang binuksan na pinto. “Ati, nasa kusina na ’yung isang galon na tubig na dinasalan ni Manong. Iyon daw po ang iinumina n’yo palagi sa loob ng dalawang araw.”

He rolled his eyes.

“Kuya, you’ve got to help me!” Pumadyak pa sa sahig si Diane pagkatapos nitong magsalita ay hindi man lang siya nakitaan ng reaksiyon.

“I am helping you! Anong help pa ba ang gusto mo? Sinabihan na kitang pumunta tayo ng derma

ngayon, ayaw mo naman,” nauubusan na rin ng pasensyang sabi ni Galvin. Itinigil nila ng kaibigang si Allan ang paglalaro ng chess nang dumating si Diane na nagdadabog at tumitili. Apat na araw na ang nakakalipas simula nang puntahan ito ng albularyo, pero hindi pa rin gumagaling ang mga rashes nito. At dalawang araw na rin siya nitong kinukulit na pumunta ng Siquijor. Nababahala na rin siya sa sakit ng kapatid. Mag-iisang buwan na, pero hindi pa rin iyon nawawala.

“You know very well na walang dermatologist ang makakatulong sa ’kin. You’ve got to go to Siquijor para pakiusapan ang lalaking iyon na itigil na ito!”

“Bakit ako! Ako ba ang bumastos sa tao?”
Pinandilatan niya ito sabay turo sa sarili.

“Dahil lalaki ka. Mas alam mo kung ano ang iniisip niya. Makakapag-usap kayo ng lalaki sa lalaki. Kung ako ang pupunta doon ay baka masampal ko pa siya. Lumala pa ang kulam niya sa ’kin. Kilala mo ’ko, hindi ko kayang mam-plastic at magkunwaring okay ang lahat sa lalaking iyon. Kaya, Kuya, please?”
Pinagdikit nito ang dalawang palad na animo nagdarasal sa santo. At siya ang santong iyon.

“Why don’t we just visit another derma? May ni-recommend sa ’kin ’yung kilala ko. Kung after one

week ay hindi pa gumaling 'yan ay pupunta na ko talaga ng Siquijor.”

Nagdabog ulit ito. “No! I want you to go to Siquijor as soon as possible! I can’t wait for another week! Kuya, maawa ka naman sa 'kin.” Nagsimula nang magmakaawa ang mga mata nito.

Her sister was doing it again. Alam nitong kapag nagpaawa ito ay mahihirapan na siyang humindi. Spoiled sa kanya si Diane at alam nito kung paano siya mapapayag. “B-but it’s Siquijor. Papupuntahin mo 'ko nang mag-isa lang?” Humina na ang boses niya.

“Andyan naman si Allan, eh. Di, sumama siya sa 'yo.” Itinuro nito ang kaibigan niya.

“Siquijor? Are you kidding me? No way!” tanggi ng huli na kanina pa nananahimik. “Bakit ba kami itong kinukulit mong pumunta doon? Bakit hindi na lang ikaw? Tatal naman ay ikaw ang may kasalanan doon sa tao?”

“I told you na, di ba? Bingi ka ba? I still hate that man dahil sa ginawa niya. Baka hindi ko pa siya matantya at makagawa uli ako ng panibagong kasalanan. Ang buong akala ko pa naman ay mabait siya kahit na sobrang kulit niya the last time he visited

here. Pero ano'ng ginawa niya? Just because I can't love him the way he wanted ay kinulam niya na 'ko. Isn't it unfair?"

"Yeah, yeah, yeah." Naitirik ni Allan ang mga mata nito. Marahil ay dahil sa pagiging maarte ng kapatid niya. Hindi niya rin ito masisisi, maging siya ay naaartehan kay Diane, pero wala siyang magagawa. Nag-aral ito sa isang private school exclusive for girls, hindi naman ito dinisiplina ng papa niya noong nabubuhay pa ito kaya hanggang sa magdalaga ay nadala na nito ang ugaling sosyal at maarte.

Dalawa na lang silang magkapatid. Their mother died giving birth to Diane. Ang papa naman nila ay namatay seven years ago sa sakit sa puso. He was twenty-two years old that time. Simula noon ay siya na ang nagpalaki at nag-alaga sa kapatid. Siya na rin ang nagpatuloy sa hardware business ng kanilang pamilya.

"Kuya..." ungot nito at malambing na yumakap sa kanya. Papano pa siya makakatanggi kapag ganoon?

"Ano ba naman 'yang perfume mo, Diane! Ang sakit sa ulo," reklamo niya sa halip.

Tumulis ang nguso nito. "Excuse me, imported

kaya 'to! It's Monette's gift from Paris a month ago. Halos isang buwan ko na 'tong ginagamit, ngayon ka pa nagreklamo?"

Pinabayaan niya na lang ang kapatid. Makita niya lang na masaya ito ay napapawi na lahat ng agam-agam niya. Pero ngayon ay hindi iyon nawala. Makakauwi pa kaya siya nang buhay pagkatapos ng lahat?

Matapos ang apat na oras na biyahe ay dumaong na rin ang ferry boat sa pier ng Larena. Paranoid na kung paranoid, pero pagkababang-pagkababa nina Galvin at Allan ng bangka ay naging alerto na sila. Pakiramdam nila, lahat ng makasalubong nila sa lugar na iyon ay gagawan sila ng masama. Hindi nila alam kung ano ang kahaharapin nila sa bayang iyon. Kung totoo nga bang ang dating manliligaw ni Diane ang may kagagawan ng hindi matanggal-tanggal na pamumula sa balat nito.

Napansin niyang marami-rami ring foreigners na kasama nila sa ferry boat. Tila excited sa pamamasyal doon at panay pa ang kuwentuhan samantalang siya ay tila matatae anumang oras sa sobrang kaba. Hindi ba alam ng mga Puting ito kung ano ang Siquijor?

“Pare, saan tayo ngayon matutulog? Hanap muna tayo ng hotel? O may hotel nga ba dito?” untag ni Allan sa kanya.

“Ayokong tumagal ng isang araw dito, pare. Dumerecho na tayo sa paghahanap sa bahay ng Lito Maaraw na iyon para matapos na itong lahat. Sa Cebu na tayo mag-overnight,” aniya.

“O, sige. Pero mahanap nga kaya natin ’yun ngayon?”

Nagkibit-balikat si Galvin. Ang alam niya lang na kinaroroonan ng lalaki ay nasa San Antonio ito. Nabanggit daw iyon ng lalaki nang dumalaw ito sa kapatid niya. Bahala na. Hindi naman siguro ganoon karami ang tao sa San Antonio para hindi makilala ang pamilya nito. Ang importante ay hindi siya matulog ngayong gabi sa probinsyang iyon. Kung hindi man nila mahanap ngayon ang lalaki, babalik na lang sila bukas. Tatal ay mahigit-kumulang na isang oras lang ang biyahe mula Cebu papunta rito. Titiisin niya na ang pagod sa biyahe masiguro niya lang ang kaligtasan niya.

“Wala man lang taxi?” pagkuwan ay reklamo ni Allan nang mapansing puro tricycle ang dumadaan sa kalye.

“Huwag ka nang mapili. Pumara ka na lang diyan ng kahit ano. Iyong mapagkakatiwalaan ang mukha, ha?” bilin niya pa.

Tumango ito. Pagkaraan ng paghihintay ay nakahanap sila ng isang tricycle. Medyo may-edad na ang nagmamaneho noon.

“Alam n’yo ho ba ’yung papuntang San Antonio?” tanong niya rito.

Tumango ang driver at saka nagdududang tiningnan sila. “Taga-doon ako. Sino ba ang *puntahan* natin doon?” May puntong-Bisaya ang pagta-Tagalog nito.

“Yung pamilya Maaraw po. Kilala n’yo po ba sila?”

Tumango ito uli. “Pero ang alam ko, patay na ’yung matandang Maaraw. Iyong anak na lang ang *nag-aasikaso*. Bakit, may kailangan kayo sa matanda?”

Nagtinginan silang magkaibigan sa sinabi ng estranghero. Mukhang may posibilidad na totoo ang hinala ng kapatid niya. Sa sinabi pa lang ng matanda ay mukhang kilala na ang pamilya ni Lito sa lugar na iyon. At ano iyong sinasabing pakay raw nila sa matanda? Iyong matanda ba ang kumukulam?

“O-oho. May sadya lang po kami sa matanda. Pero kung totoong wala na po’yung matanda, p’wede din siguro sa anak na lang nito. P’wede n’yo po ba kaming ihatid sa bahay nila?”

“Sige. Tara.” Binuhay nito ulit ang makina ng motor.

Jackpot! Wala pang isang oras ay nakita na nila ang kinaroroonan ng Lito Maaraw na iyon. Inaasahan niyang madali lang ang paghahanap sa lalaki. Bukod sa alam niyang magkakakilala lang ang mga tao sa isang maliit na probinsyang katulad ng Siquijor, nahinuha niyang kilala ng mga taga-doon ang pamilya ng lalaki kung totoo ngang nangkukulam ito. At hindi nga siya nagkamali.

Ilang sandali pa at tinatahak na nila ang daan papuntang San Antonio. Makuwento ang matanda. Naging instant tour guide nila ito sa dami ng mga naikuwento nito. Hindi niya alam kung dapat niyang ipagpasalamat o katakutan ang pagkukuwento nito o mas tamang sabihin na babala iyon para sa kanila. Dahil sa mga kuwento nito, parang gusto niya nang iliko ang tricycle at ipabalik sa pier.

Ang San Antonio raw ang sentro ng mga mambabarang at mangkukulam sa probinsyang iyon. Kaya kilalang-kilala iyon sa lugar nila. Ipinagtanggol

pa nito ang probinsya. Hindi naman daw lahat ng tao sa Siquijor ay mambabarang at dapat katakutan.

“Kasi, kung totoo ngang mga mangkukulam ang mga tao dito, lahat na sana ng *nagadalaw* dito ay hindi na *nagauwi* sa kanila. Pero marami namang *nagabalik-balik* dito na turista kasi maganda daw ang dagat namin dito. Gusto nila ang mga dagat namin, pati na mga kuweba,” patuloy pa ng matanda.

“Pero, bossing, totoo nga bang maraming mambabarang dito?” tanong ni Allan. Mukhang *na-curious* na rin sa lugar at nakakapag-relax na.

Baka gusto nitong ipaalala niya na sa San Antonio sila pupunta? Ang sinasabing sentro ng mga mangkukulam?

“Hindi ko na din alam. Noon siguro, oo, pero ngayon *ambot* lang. Baka mayr'on pa rin, pero tago lang. Wala naman kasing mangkukulam o mambabarang na aamin sa iyo agad-agad. Kasi ang kuwento pa, kapag inilabas nila na ganoon sila, mamamatay daw sila. Kaya siguro, totoo pa din. Madami ang *nagapunta* dito para humingi ng tulong o gustong matupad ang mga *wesh* nila at gustong mapagaling ng kulam.”

Napatangu-tango si Allan. “Ibang klase pala

talaga ang Siquijor ano ho?”

“Aba’y oo,” nagmamalaking sang-ayon nito. “Ang sabi pa nga ng lolo ko, *malaman* mo kung sino ’yung mga mangkukulam kasi malalaki ang mga bahay. Pero hindi ko sinasabi, ha, na lahat ng may malaking bahay, mangkukulam na. Iyong iba lang *man* daw. ’Yung mga napapanood sa TV na nakatira daw ang mangkukulam sa bahay-kubo na puno ng manika? Naku, hindi ’yan totoo dito sa amin. Mayayaman ang mangkukulam dito dahil malaki magbayad ang mga lumalapit sa kanila.”

“Magpaturo na rin kaya ako ng kulam doon sa manliligaw ni Diane, pare?” baling ni Allan sa kanya.

“Gago!” nakangiting sagot ni Galvin. Somehow, ang pagbibiro ng lalaki ay nagpa-relax sa kanya nang kaunti.

Kung anu-ano pa ang ikinuwento ng matanda sa kanila. Hanggang sa hindi nila namalayang tumigil na ang tricycle at inanunsyong nasa harap na sila ng bahay ng mga Maaraw.

Pagkatapos bayaran at bigyan ng malaking tip ang matanda ay bumaba na sila ng tricycle. Para lang mapatda at kabahan nang makita ang bahay na tinutukoy ng matanda. Makahulugang nagtitigan

Under Your Spell - Jean Mae Oryza

silang Allan. Pagkuwan ay tumingin uli sa bahay na nasa harapan nila.

Napalunok siya nang maalala ang naikuwento ng matanda. *Malaking bahay.*

3

“Hoy, bakla, samahan mo ’kong maglamyerda dito, ha? Naku, excited na ’ko. Nag-research talaga ako kung anu-ano ’yung mga dapat puntahan dito. Nilista ko pa para hindi ko malimutan,” excited na sabi ni Kim sa kaibigan habang nanananghalian sila.

Silang tatlo uli nina Lito ang naiwan sa malaking bahay. Hindi pa man sumisikat ang araw ay umalis na ang mga magulang ni Liza para buksan ang puwesto nito sa palengke. Kung minsan ay tumutulong ang magkapatid sa mga magulang sa pagbabantay sa tindahan ngunit mas madalas ay naiiwan ito at naglilinis ng bahay. Isang total makeover kasi ang kailangan para maging presentable ulit ang kabahayan. Hindi na iyon naasikaso ng lolo ni Liza noong nabubuhay ito dahil mas abala ito sa maliit nitong negosyo.

“Ano na nga pala’ng plano mo pagbalik mo ng Maynila?” sa halip na sagutin siya ay tanong nito.

“Hindi ko na muna iniisip. Gusto kong i-rest ang utak ko ngayon sa lahat ng worries. May karapatan naman siguro akong magsaya paminsan-minsan, ano, mare?” Kampanteng sumubo si Kim. Sarap na sarap

siya sa kinakain. Inihaw na isda at tinolang manok ang ulam nila. Nakapatong pa ang isang paa niya sa upuan. Ganoon ang puwesto niya kapag kumakain. Pakiramdam niya kasi ay hindi siya nabubusog kahit ilang kaldero pa ang kainin kapag hindi nakapatong ang isang paa.

“Oo naman! Kaya nga pinapunta kita dito,” anang kaibigan.

“Asan na ba si Lito? Mauubos ko na ’tong kanin hindi pa dumarating,” pagkuwan ay hanap niya sa kapatid nito.

“Andun sa likod-bahay. Ewan ko kung ano’ng ginagawa, ilang beses ko nang tinawag, eh.”

Magsasalita pa sana siya nang may marinig silang nagta-tao po sa labas ng bahay. “Ano ’yun?” nakakunot-noong tanong niya. “May inaasahan kang visitors, bakla?”

Umiling ito. “Hindi ko nga alam kung sino ’to, eh. Baka isa sa mga customers ni Tatay.”

Wala sa loob na sumama si Kim sa kaibigan nang lumabas ito ng bahay. Napakunot-noo siya nang makita ang dalawang lalaking tila naghihintay sa kanila. Natitiyak niyang hindi iyon customer ni Tito Oscar. Dahil kahit naka-walking shorts at polo shirts

lang ang mga ito, halatang maykaya ito sa buhay at hindi taga-probinsya. Maputi at mukhang mga alaga ni Vicky Belo. Napansin niya rin ang dalawang malalaking travel bags na nasa tabi ng mga ito.

Matangkad ang dalawang lalaki, parehong guwapo, pero mas nagkainteres siya sa lalaking nangunguna at mariing nakatingin sa kanila. Salubong ang makakapal nitong kilay, manipis at kissable ang mga labi. Ipupusta niyang hindi ito naninigarilyo. Katamtaman ang pangangatawan nito at hindi na kailangang hubaran para masigurong wala itong tinatagong fats sa katawan. *Ang halay ng iniisip mo, kafatid!*

“*Unsa’y ato?*” usisa ni Liza nang tuluyan na silang makalapit sa dalawang lalaki.

Nablangko siya sa sinabi nito. Bisaya ba iyon? Ngayon niya lang narinig ang kaibigan na nagsalita ng ganoon. Marahil ay may natutunan na rin ito sa limang buwan nitong pamamalagi sa lugar. Maging ang dalawang lalaki ay hindi kaagad nakasagot sa tanong ng dalaga.

Siniko niya ito. “Hindi na-gets, bakla. Tagalog-in mo,” bulong niya rito.

“Sorry na. Akala ko taga-rito, eh,” ganting bulong

nito.

“Sira! Kita mo na ngang artistahin ang kutis, aakalain mo pang taga-rito?”

“Pasensya, tao lang.” Saka lang nito binalingan ang dalawa. “Pasensya na. Ano nga ulit ang sa atin?”

“Err... dito ba nakatira si Lito Maaraw?” parang nag-aatubiling tanong ng lalaking pinag-iinteresanan ni Kim. Pag-aatubili nga ba iyon o takot? *Pero bakit ito matatakot?*

“Dito nga po. Sino po sila?”

“I’m Galvin Madrigal. Brother of Diane Madrigal. Can I talk to him for a minute? May gusto lang sana akong ipakiusap sa kanya.”

Tila napatda naman ang kaibigan niya nang marinig ang mga pangalang binanggit nito.

“P’wede ba kaming pumasok?” tanong ng isa pang lalaki pagkaraan ng ilang segundong hindi pagsagot ng kaibigan niya.

Siniko niya ito sa ikalawang pagkakataon nang maramdamang wala itong balak na sagutin ang lalaki. Tila naman natauhan ito at pagkuwan ay sunud-sunod na tumango.

“Sure, sure,” anito at binuksan na ang hanggang baywang lang na gate. “Pasok.”

Nagpatiuna na silang dalawa papasok sa bahay. Naguguluhan pa rin siya sa mga pangyayari. Hindi niya alam na may guwapo palang kakilala si Lito. Kung alam niya lang, sana ay ipinakilala niya na ang sarili sa mga ito. Pero bakit parang hindi naman nasisiyahan ang kaibigan niya sa pagdating ng dalawang lalaki?

“Tatawagin ko lang si Lito,” prisinta ni Kim nang tila wala pa rin sa sarili ang kaibigan. Parang gusto nitong sipain palabas ang dalawang lalaki sa paraan ng pagkakatingin nito sa mga bagong dating. Lalunglalo na sa nagpakilalang ‘Galvin’.

Pumunta siya sa kusina sa pagbabakasaling nandoon na si Lito. And indeed, she saw him at the dining table, eating.

“Hoy, Lito, may naghahanap sa ’yo sa labas. Kakausapin ka daw.”

“Sino naman?” kunot-noong tanong nito na napatigil sa akmang pagsubo.

“Galvin Madrigal daw, eh. Kilala mo?”

At gaya ng napansin niya sa kapatid nito, nabigla

ito sa pagkarinig sa pangalan. Pagkuwan ay ikinuyom ang isang palad at tila anumang oras ay gustong manuntok. Na-curious na tuloy si Kim kung ano ang talagang kaugnayan ng magkapatid sa hindi inaasahang bisita.

Dali-daling sumunod siya sa binata nang tumayo ito at pumunta sa sala. Hindi niya palalagpasin ang susunod na mangyayari. Napatayo ang dalawang lalaki at si Liza nang dumating silang dalawa.

Umpisa na ba ng bakbakan?

“Of course not!” nanggigigil na tanggi ni Lito. “Kalokohan ’yang sinasabi mo!” sigaw nito sa bisita pagkatapos sabihin ng mga ito ang pakay.

It turned out na gustong ipakiusap ng lalaki na itigil na ni Lito ang pangungulam sa kapatid nito. May unexplainable rashes daw na nagkalat sa katawan ng sister nito at kahit anong gamot ay hindi mawala-wala.

Dati palang nanliligaw ang kapatid ng kanyang best friend sa Diane Madrigal na kapatid ni Galvin. Pero nabasted at ngayon ay pinagbibintangan ang nakababatang lalaki bilang siyang may gawa ng mga rashes ng babae.

Rashes lang? Kulam na kaagad? Hindi siya makapaniwalang ang isang guwapo at mukhang matalinong lalaki na tulad ng kaharap niya ay naniniwala sa kulam. Not to mention that the guy came from Manila and obviously from a well-off family.

“At sino pa’ng maaaring gumawa kay Diane noon? Aminado siyang nagkamali siya nang bastusin ka niya. Bukod sa ’yo ay wala na siyang ibang ginawan pa ng masama,” giit ng lalaki.

“Baka naman iyon lang ang ipinalabas niya sa ’yo. Hindi malabong marami pa siyang ibang manliligaw na binastos at ininsulto din,” tuya ni Liza.

Ngayon ay naiintindihan na ni Kim kung bakit ganoon na lang ang galit ng magkapatid sa lalaki. Hindi niya alam kung anong klaseng pambabastos ang ginawa ng Diane Madrigal na iyon kay Lito, pero kilala niya ang huli. Ilang beses niya na itong inaalaska tungkol sa height nito, pero ni minsan ay hindi ito nagtanim ng galit o tampo sa kanya. Sigurado siya roon dahil kailanman ay hindi nagpaka-plastic ang binatilyo. Prangka ito. Marahil ay sobrang sakit ng mga sinabi ng babae kaya galit na galit ito ngayon.

“Baka naman may allergy lang sa kung ano ang kapatid mo,” singit niya sa usapan bago pa man

makapagsalita ang binatang bisita nila.

“Kilala ko ang kapatid ko.” Dinaanan siya nito ng tingin bago huminto ang mga mata kay Lito. “Wala siyang allergies sa kung anong bagay at hindi niya sinasadya ang mga nasabi niya. Nagawa niya lang iyon dahil sa pagpipilit mong sagutin ka niya. Plus, tinangka mo pa siyang halikan.”

Bigla siyang napatingin sa kaibigang si Lito. Nagawa nito iyon? Pero mukhang si Liza ay hindi rin alam ang bagay na iyon. Kunot ang noong tumingin ito sa kapatid; puno ng katanungan ang mga mata.

“Nakainom ako noon. Alam kong mali at humingi ako ng tawad sa kanya kaagad. Pero ininsulto niya pa rin ang pagkatao ko.”

“At nagsisisi na siya sa ginawa niya. Kaya nga ’andito kami ngayon. Can you please stop the curse para naman makabalik na sa dati ang kapatid ko?”

“Ilang beses ba namin dapat ulit-ulitin sa ’yo na hindi kami mangkukulam at hindi kami ang may gawa n’un sa kapatid mo? Nananahimik na kami dito,” napipikon nang ani Liza.

“Kung hindi kayo, sino ang may gawa n’un sa kapatid ko?” Nakikita niya ang kadesperaduhan sa mukha nito.

“Aba, malay namin! Maldita kaya ’yang kapatid mo.” Si Lito.

Tumiim ang bagang ng binata sa narinig. Tila nagtitimping manuntok anumang oras. Mabilis na lumapit dito ang kaibigan nitong nalaman niyang ‘Allan’ ang pangalan. Hinawakan ito sa braso para pigilan. “Hindi ako aalis dito hangga’t hindi mo binabawi ang ginawa mo sa kapatid ko. Maawa ka naman sa kanya. Ako na ang nagmamakaawa sa ’yo. Pinagsisisihan niya na ang ginawa niya sa ’yo. Kung nasaktan ka man ni Diane, hindi niya iyon sinasadya. Sana naman ay maintindihan mong hindi napipilit ang pag-ibig.”

Itinaas ni Lito ang isang kamay bilang pagpapatigil sa kung ano pa mang sasabihin ng binatang Madrigal. “Hindi mo na kailangang sermunan ako tungkol sa pag-ibig na ’yan. Tanggap ko nang hindi ako mahal ni Diane. At tanggap ko nang basted ako.”

“Kung gan’un, bakit ginawa mo pa rin iyon sa kapatid ko?”

Nandidilat ang mga mata ni Lito. Puno ng kadesperaduhan ang mukha. “Ang kulit mo rin, ano!”

“Hindi ako aalis dito hangga’t hindi ko nasisigurong maayos na ang kalagayan ng kapatid

ko,” pinal nitong pahayag.

Kim rolled her eyes. Pabalik-balik na lang ang eksena nila. Parehong iginigiit ng dalawa ang kani-kaniyang paniniwala. Siya pa naman ang taong maikli ang pasensya—mas maikli pa sa stick ng sigarilyo. Kailan ba matatapos ang usapan nilang ito?

Puwede siyang umalis at iwan ang mga ito. Pero hindi niya naman maatim na ipagpatuloy ang pagkain sa kusina habang heto ang mga kaibigan niya at nakikipagtalos sa mga unexpected guests. Malaki ang utang-na-loob niya kay Liza. Kahit tsismosa at pakialamera siyang maituturing sa usapang ito ay gusto niyang makatulong kahit papaano. Kilala niya si Lito, alam niyang nagsasabi ito ng totoo. At higit sa lahat, hindi mangkukulam ang pamilya nito. Hindi niya alam kung ano ang kinakain ng Galvin na ito at nadaig pa siya sa sobrang kakulitan?

“Gusto mo ’ika mong mawala ang ginawa namin sa kapatid mo?” singit niya sa usapan. Nabigla ang lahat sa sinabi niya.

Sina Lito at Liza ay nagtaka at tila gusto siyang sakalin. Sa sinabi niya ay para niya na ring inamin na mangkukulam ang mga ito at ito ang may kagagawan ng rashes ng Diane na iyon.

Under Your Spell - Jean Mae Oryza

Ang dalawang lalaki naman ay tila natakot sa narinig. “S-so kayo nga ang may gawa?”

Gusto niyang matawa sa mukha ng lalaki. Nagtatanong ito ngunit tila ayaw namang marinig ang sagot niya.

Sayang! Guwapo pa naman, matatakutin nga lang.

Tumango si Kim. Pinigilan niyang mapangiwi sa palihim na kurot na binigay ni Liza sa kanya. Tumingin siya rito. Napapagitnaan nila si Lito. Ang haba naman yata ng kamay nito para maabot pa ang tagiliran niya!

Ako’ng bahala! Leave it to me! Pilit niyang pinaparating sa pamamagitan ng mga mata ang gusto niyang sabihin dito.

Binalik niya ang tingin sa binata. “Hindi. Ako lang ang may gawa n’un. Hindi alam nina Lito at Liza na kinulam ko si Diane. Nakita ko kung paano nasaktan si Lito sa ginawa ng kapatid mo. Gusto ko lang siyang turuan ng leksyon.”

Best actress! Mukhang mauutot na si Kim anumang oras sa pagpipigil na humalakhak. Nakita niya ang takot sa mukha ng dalawang lalaki sa sinabi niya. Parang gusto na nitong magtatatakbo palabas

ng bahay at hindi na bumalik kailanman.

“P-puwede mo na bang bawiin? S-sapat na siguro ang tatlong linggong paghihirap niya sa mga ginawa niya.”

Taas-noong sinalubong ni Kim ang puno ng takot na mga mata ni Galvin. “Hindi gan’un kadali ang hinihiling mo, Lalaki. Kapag sinubukan kong bawiin ang sumpa bago ang itinakda kong araw ng paggaling ng kapatid mo ay sarili ko naman ang masasaktan ko.”

“A-ano’ng ibig mong sabihin? H-hindi—”

“Ouch!” daing niya na nagpatigil sa binata. Mas malakas ang kurot ngayon na ibinigay ng kaibigan sa kanya at hindi niya na napigilang mapadaing. “K-kita mo na ang nangyari? Sinubukan kong bawiin ang sumpa, pero katawan ko naman ang nag-suffer. Kailangan mong hintayin ang itinakda kong araw ng paggaling ng kapatid mo,” palusot niya. Palihim niyang pinandilatan ang best friend. *Ang sakit n’un, gaga!*

“P-pero... ilang araw pa ba ang kailangang isakripisyo ng kapatid ko?”

“Isang taon.”

“Isang taon!” Dumagundong sa buong kabahayan ang lakas ng boses ng dalawang bisita. Nagsabay pa ang mga ito.

“W-wala na bang ibang paraan para mapaikli iyon?” tanong ni Allan. Nabahala na rin.

“Meron,” aniya. *Mag-isip ka nang mabilis, brain!*

“Ano?” atat na tanong ni Galvin na inaasahan niya na. Ang kaso, wala pang naiisip ang utak ni Kim kung ano nga bang paraan *kuno* ang maaaring gawin para mapaikli ang ‘kulam’.

“Kailangan mong ma-in love sa ’kin kapalit ng paggaling ng kapatid mo,” bulalas niya sa unang naisip.

“What!” gulat na sigaw nina Lito, Galvin, at Allan.

“Aray ko!” sigaw niya nang tampalin siya ni Liza sa braso nang pagkalakas-lakas.

4

“Gaga ka ba! Bakit mo ’yun sinabi sa kanila? Pinapahamak mo lang tayo, eh. Ano’ng sasabihin ko ngayon kina Tatay at Nanay kapag nakita sila ngayon dito sa bahay?” Tinampal siya uli ni Liza sa braso.

“Aray ko naman! Namumuro ka na!” Hinimashimas ni Kim ang bugbog nang braso niya.

“Gaga ka kasi, eh!” Dinuro pa siya nito bago namomroblemang napaupo sa gilid ng kama. Nasa loob na sila ng kuwarto ng babae. Kahahatid lang nila sa dalawang lalaki sa pansamantalang tutuluyan nito sa bahay nina Liza.

Napakagat si Kim sa labi dahil sa kagagahang ginawa. Aminado siya roon. Pero malay niya bang ibang klaseng pagkagat ang gagawin ng lalaki sa mga hinabi niyang kuwento? Ang inaasahan niya ay aalis na ito ng bahay at hindi na babalik pa. Umalis nga ito ngunit hindi pa lumilipas ang limang minuto ay bumalik na agad. Tiim ang mga bagang na ipinahayag ng lalaki na tinatanggap nito ang sinabi niyang paraan para mapaiksi ang paghihirap ng kapatid nito.

Nagulat silang lahat. Hindi niya sukat

akalaing papayag si Galvin. Sino ba naman kasing matinong lalaki ang papayag na paibigin ang isang ‘mambabarang’?

“Sorry na, sister.” Tumabi siya rito. “Hindi ko naman inaasahan na magba-backfire ang plano ko, eh. Ang gusto ko lang naman ay mataboy sila. Nakukulili na kasi ang tainga ko sa pauli-ulit na dialogue nila ni Lito. Kaya umepal na ’ko.”

“Paano na ngayon ’yan? Hindi ako makapag-isip nang matino.” Napasabunot si Liza sa sariling buhok at saka ibinagsak ang katawan sa kama.

“Napaniwala ko yata siya nang husto sa mga sinabi ko.” Kinagat ni Kim ang kuko at nahihiyang tumingin sa best friend na para bang isa siyang batang nakabasag ng pinggan at takot na mapagalitan ng ina.

Natawa ito sa ekspresyon ng mukha niya. “Nagpapasalamat ako sa ginawa mo, sis. Kaya lang ang iniisip ko, baka makuwento ng lalaki sa iba ang mga pinaggagagawa nating istorya at kumalat sa buong baranggay. Baka mamaya ay magulat na lang kami sa kalagitnaan ng gabi na sumusugod ang taumbayan at may dala-dalang torch at gusto na kaming sunugin. At paano kung sa kabila ng lahat ng kondisyon mo ay hindi pa rin gumagaling ang kapatid niya? Tayo ulit ang masisisi? Eh, hindi naman natin

ginawa 'yun in the first place?"

"Huwag kang mag-alala, mare. Sa gagawin ko, we're hitting three birds at the same time." Kumindat siya rito. Sa biglang naisip ay gumaan ang pakiramdam niya. Hindi naman pala katangahan ang ginawa niya after all.

"Bakit? Ano ba'ng naisip mo?" Curious ito sa klase ng ngiti niya.

"Wala naman. Pahihirapan lang natin nang kaunti si Pogi. Siyempre magkapatid ang mga 'yun at tingin ko ay mukhang close kaya nakuha ng lalaking sundan si Lito rito. Kapag nalaman ni Diane na nahihirapan si Pogi, siyempre makokonsensya 'yun. Pauuwiin na lang ang kapatid sa Maynila. At habang pinapahirap natin siya, ipapakita natin sa lalaking iyon na hindi talaga tayo mangkukulam. O, di ba? Napaalis na natin si Pogi, naipaghiganti pa natin si Lito at nabura pa ang pangit na impresyon niya sa atin. What do you say about my idea? Brilliant, di ba?" Itinaas-baba niya pa ang dalawang kilay.

Napailing ito. Hindi niya alam kung natutuwa o hindi. "Hindi ako mapaghiganting tao, Kim, alam mo 'yun."

"Hindi gaya ko, gan'un?" dugtong niya.

“Sira! Wala akong sinasabing gan’un. Ang sinasabi ko lang, mali itong ginagawa natin. Niloloko natin ’yung tao.”

“Nagkasubuan na, eh. Wala na tayong magagawa pa. Saka sa tingin mo ba, kapag binawi ko pa ’yung mga sinabi ko, maniniwala pa sila? Siyempre hindi, tumatak na sa isipan nila na mangkukulam tayo.”

Natahimik ito. Marahil ay napagtanto nitong may punto rin siya. “Sobrang gasgas na ’yang idea mo, mare. May pa-brilliant-brilliant ka pa! Nabasa ko na ’yan nang ilang beses sa pocketbook.”

“Sinisira mo ang moment ko, bakla.” Napasimangot si Kim. “Besides, hindi naman natin pinlanong maghiganti, kusa na lang ibinigay ng pagkakataon. Ano ka ba, kaunting paghihirap lang naman. Kung tutuusin, sa naiisip ko mukha ngang mas binibigyan ko pa siya ng pabor kaysa pinapahirapan. Ano lang ’yung gumastos siya nang kaunti para sa atin, di ba? Hindi naman mahirap ’yun para sa kanya. At hindi ako magmumukhang kontrabida sa gagawin ko. Kaya no worries! At quits na tayo pagkatapos nito. Wala na ’kong utang-na-loob sa ’yo,” biro niya.

Napailing na lang ito. Siya naman ay ini-imagine na ang mga susunod niyang hakbang. Ngayon lang nagkaroon ng excitement sa buong boring life niya.

Ngayon lang dumagundong at tumatalon-talon nang sobra ang puso niya. Hindi na siya makapaghintay pang gawin ang mga pinlano.

Ang talino mo talaga, Kim!

“I can’t believe we’re staying at a witch’s house, pare. Paano kung sa pagtulog natin ay kumuha siya ng buhok at tayo naman ang kulamin?” tanong ni Allan.

Tumanggi itong ilabas ang lahat ng mga gamit dahil sa takot nito.

Iyon din ang naiisip ni Galvin, pero ano pa ba ang magagawa niya? Isa iyon sa mga kondisyon ng babae. Kahit gusto niyang magprotesta ay nilunok niya na lang ang lahat. Nilagay niya ang mga gamit sa libreng cabinet. Ipinasa-Diyos niya na lang ang kapalaran niya. Umaalingawngaw pa rin sa isip niya ang lahat ng mga sinabi ng babae.

Sa umpisa ay hindi siya sumang-ayon, kahibangan ang hinihiling nito. Hindi niya kayang isakripisyo ang bachelorhood niya at mahulog sa isang mangkukulam. Hindi niya kaya. Nag-aabang na sila ni Allan ng tricycle sa labas nang biglang tumawag si Diane. Hindi na siya nagulat na umabot ang signal

doon; kahit ang lugar ng mga ‘mangkukulam’ ay kailangan ding sumunod sa takbo ng panahon. Ni hindi niya nga inaasahan na ang cute at tahimik na babaeng kasama ni Lito ang siyang gumawa niyon sa kapatid niya. Malayung-malayo ang hitsura nito sa inaasahan niyang anyo ng mangkukulam. Masyado itong maganda at bata para sa ganoong ‘trabaho’.

Sigaw ni Diane ang nagpabalik sa kanya sa bahay na iyon. Umiiyak ito sa telepono dahil lumala ang mga rashes nito, sumobra ang pamumula at may ibang parte na raw na nanunubig.

“Naligo lang naman kami sa beach ng friends ko because we thought na makakagaling ang alat ng tubig sa rashes ko. Pero mukhang mas lumala pa siya. Kuya, what shall I do? Ayoko nang lumabas.” Umiiyak na ang kapatid niya.

“I’ll see what I can do,” pikit-matang sabi ni Galvin. Pinipigilan niyang pagalitan ang babae. Nakalimutan na ba nito ang sinabi ng dermatologist na huwag itong maligo sa dagat dahil kakalat lamang ang makakating butlig? Marahil nga ay nakalimot na ito dahil mas natuon ang pansin nito sa albularyo.

Matapos ang mahabang atungal ng kapatid ay pinilit niyang magpakonsulta ito ulit sa dermatologist. Mabuti na lang at pumayag agad ang babae.

“Hanggang ilang araw mo gustong mamalagi dito?” untag ni Allan na nagpabalik sa isip niya sa kasalukuyan.

“Hindi ko alam. Depende kung hanggang kailan ako gustong mamalagi ng mangkukulam. Pero ikaw, pare, kung gusto mo nang umalis, okay lang. Ayoko namang madawit ka pa sa problema ko.”

Isang malaking pabor na ang ginawa nitong pagsama sa kanya papunta rito sa Siquijor. Hindi niya maatim na maging ito ay mapahamak dahil lamang pinilit niya ang kaibigang manatili sa tabi niya bilang suporta.

Umiling ito. “I’ll just stay for ten days gaya ng napag-usapan natin. If by that time ay ayaw ka pa ring pakawalan ng mangkukulam ay kailangan ko nang mauna, pare. Naghihintay ang trabaho sa ’kin,” paalala nito.

Tumango si Galvin saka napabuga ng hangin. Walang ibang mas malakas na kapangyarihan kundi ang dasal sa Diyos. Iyon na lang ang pangontra niya sa babae sakaling gawan din siya nito ng masama.

“Kailangan mong manatili dito sa bahay hangga’t gusto ko. Lahat ng sasabihin ko ay kailangan mong sundin nang walang reklamo. Iyon ay kung gusto

mong gumaling ang kapatid mo. Huwag kang magkakamaling magkunwaring may gusto sa 'kin dahil may kapangyarihan akong matukoy ang totoong nararamdaman ng isang tao," naaalala niya pa ang babala ng babae sa kanya nang bumalik siya ng bahay at pumayag sa gusto nito.

"D-do I really have to fall for you?" atubiling tanong niya rito. *Hindi niya talaga maatim na magmamahal siya ng isang mangkukulam. Okay naman ang dalaga, papasa na ito sa standards niya—petite, morena, heart-shaped face, kissable lips and long shiny hair. But the fact na isa itong mangkukulam at mahahaluan sila ng ganoong lahi ay sapat na para umatras si Galvin.*

Tipid itong ngumiti sa kanya na mas lalo pang nagpainosente sa mukha nito. Parang hindi nito kayang magpalabas ng mga uod at ipis sa katawan ng isang tao. He shivered with that thought.

"Depende. Kahit kumbinsihin mo lang akong hindi nararapat ang pamilya n'yo sa kaparusahang ibinigay ko ay maaaring maging sapat na para maputol ang sumpa. Hindi ko masisiguro. Ang maaari mo lang gawin ngayon ay sumunod sa akin."

Oh, God, please help me! piping dasal niya.

“Naku, Tito, Tita. Sorry talaga ha? Nagbaon pa ’ko ng buntot dito sa Siquijor. Sa sobrang excited ko kasi, naikuwento ko sa kanila. Mukhang gusto ring magbakasyon kaya sumunod sa ’kin,” hinging paumanhin ni Kim sa mga magulang ni Liza.

Kinagabihan ay inabangan na nila ito ni Liza sa labas ng bahay. Mahirap nang marinig ng mga bisita ang kasinungalingang gagawin nila. *Lord, sorry po talaga. Ngayon lang ’to, promise. Nagkasubuan na, eh. Hindi ko na mabawi ’yung mga pinagsasabi ko.*

“Ano ka ba naman, Kim, siyempre okay lang ’yun sa ’min. Hindi ka na iba sa amin. Ilang buwan na rin kaming hindi nakakakita ng mga Manileño kaya okay lang. Isa pa, mas maganda nga ’yung makapamasyal kayo dito sa Siquijor para mawala ang impresyon n’yo na lugar ito ng mga mangkukulam,” paliwanag ng Tito Oscar niya.

“Iyon nga po ’yung napag-usapan namin kanina, ang mamasyal dito sa lugar.” Pasimple siyang pinandilatan ni Liza, na para bang sinasabing nahihibang na siya.

“Eh di, mabuti!” nakangiting sabi ni Tita Mabel. “Sabihin mo lang sa ’min kung may kailangan kayo ha? Huwag mahihiya.”

Nakangiting tumango siya.

“Nakahanda na ba ang hapunan, Anak?” baling ni Tito Oscar kay Liza.

Tumango ito. “Opo, Tay. Nasa kusina na nga po sina Lito at ang mga bisita.”

Tuluy-tuloy na sila sa loob ng bahay. Naabutan nila ang tatlo na tahimik na naghihintay. Si Lito ay tila may inaasikaso sa kusina samantalang ang dalawang lalaki ay panay ang bulungan. Natigil lamang ito nang maramdamang papalapit na sila. Magkasabay na tumayo ang mga ito at marahang yumukod bilang respeto kina Tito Oscar at Tita Mabel nang ipakilala ito ni Liza sa isa’t isa.

“Kumustang biyahe, mga hijo?” nakangiting pangungumusta ng ina ni Liza.

“O-okay naman ho,” turan ni Galvin. Tila naguluhan sa mainit na pagtanggap ng dalawang matanda. Hindi marahil inasahan na ganoon kabait ang mga mangkukulam.

Bago pa man nila inabangan ang matatanda ay binalaan niya na ang dalawa na huwag magre-react sa kung ano ang mapapansin nila.

Kung gusto n’yong gumaling si Diane, mananahimik

kayo, sabi niya pa.

“Maupo na kayo. Lito, ano ba’ng ginagawa mo diyan sa kusina?” tawag nito.

Hindi sumagot ang binatilyo at tahimik lang na bumalik sa mesa at umupo. Ipinagpasalamat na lang ni Kim na mukhang hindi nahahalata ng mga ito na kakaiba ang pananahimik nilang lima.

“Magdasal muna tayo,” sabi ni Tito Oscar at nagsimula nang mag-sign of the cross.

Napansin niya ang pagtitinginan ng dalawang bisita. Hindi niya napigilan ang ngiti. Tiyak na mas lalo lamang naguluhan ang mga ito. May mangkukulamba na maka-Diyos?

Pagkatapos magdasal ay nagsimula na silang kumain. Tahimik lamang sila nang magsalita ang Tito Oscar niya.

“Kailan n’yo nga pala sisimulan, hija, ang sinasabi mo sa ’kin kanina?”

Napaangat si Kim ng mukha. Maging ang dalawang lalaki ay napahinto rin. Naging alerto ang mga mata at tainga ng mga ito. Gustung-gusto niya na talagang humalakhak dahil mukhang iniba ng mga ito ang pakahulugan sa tinatanong ng matanda.

Ngumiti siya. “Bukas ho sana.”

“Basta, hija, gaya nga ng sabi namin, kung anuman ang kailangan mo, sabihin mo lang at hindi kami mangingiming tulungan ka,” anang nanay ni Liza.

Tumango siya uli. “Huwag po kayong mag-alala, kapag hindi ko na kaya, tatawagan ko po kayo,” makahulugang sabi niya rito. Sa pandinig ng Tito Oscar at Tita Mabel niya ay normal lamang ang sagot niya, pero sa dalawang lalaki na nagsisimula nang pagpawisan at hindi na mapakali sa upuan ay puno iyon ng warning.

“May problema ba, mga anak? Hindi n’yo yata ginagalaw ang pagkain n’yo,” pansin ng ginang.

“Ah... wala ho, medyo busog lang ho kami,” tugon ni Allan.

“Pinagpapawisan yata kayo?” pansin ni Tito Oscar.

“Mainit lang ho ’yung sabaw,” palusot ni Galvin.

“Huwag kang mag-alala, wala ’yang orasyon. Mabubuhay pa kayo pagkatapos nito,” biro pa ng nakatatandang lalaki. Nakangiti ito na tiyak niyang mas lalo lamang nagpatindi sa kaba ng dalawang

lalaki.

Hindi nila napigilan ni Liza ang mapahalakhak. Si Lito naman ay hindi rin mapigilang mapangiti.

Panalo ang biro! Hindi man sinasadya ay tinulungan pa sila ni Tito Oscar na papaniwalain ang dalawa na mangkukulam nga sila. Ang mga bisita lang yata ang hindi makuhang ngumiti. Pinahid ni Galvin ang pawis sa noo nito.